# Masaklawan:

## Mga bagay na dapat malaman tungkol sa Health Insurance Marketplace

- **Tinutulungan ka ng Health Insurance Marketplace® mamili ng at mag-enroll sa coverage na bagay sa mga pangangailangan mo at budget. Kapag pinunan mo ang isang Marketplace application, sasabihin namin sa iyo kung kuwalipikado ka para sa:**

  - **Mga pribadong insurance plan.** Maaaring kuwalipikado ka para makatipid, tulad ng premium tax credit o mga bawas sa pagbabahagi ng gastos, batay sa laki at kita ng sambahayan mo. Kung hindi ka kuwalipikado na makatipid, maaari ka pa ring bumili ng Marketplace coverage. Sinasaklawan ng mga plan ang mahahalagang benepisyong pangkalusugan, mga umiiral na kundisyon at preventive na pag-aalaga. Karaniwan, puwede ka lang mag-enroll sa isa sa mga plano na ito sa panahon ng taunang Bukas na Panahon ng Pag-enroll (Nobyembre 1-Enero 15), maliban kung kwalipikado ka para sa Espesyal na Panahon ng Pag-enroll dahil sa isang pangyayari sa buhay (tulad ng pagkawala ng iba pang saklaw, pag-aasawa, paglipat, o pagkakaroon ng sanggol) o batay sa tinantyang taunang kita mo.

  - **Medicaid o ang Children's Health Insurance Program (CHIP).** Naghahandog ang mga programang ito ng libre o murang pangangalaga sa kalusugan para saklawan ang mga taong may limitadong kita, mga kapansanan, at mga ibang sirkumstansiya. Kung tilang kuwalipikado ka, ipapadala namin ang inyong impormasyon sa ahensiya ng estado niyo, at kokontakin ka nila. Maaari kang mag-apply para sa Medicaid o CHIP anumang oras.

- **Pumunta sa HealthCare.gov para matuto pa tungkol sa kung paano mag-apply para sa Marketplace coverage.** Ang mga ilang estado ay gumagamit ng Marketplace na pinatatakbo ng pederal na pamahalaan. Ang iba ay nagpapatakbo ng sarili nilang mga Marketplace. Saan ka man nakatira, mahahanap mo ang mga susunod mong hakbang sa HealthCare.gov.

- **Kung nararapat ka sa batay sa trabahong insurance, mapag-iisipan mong lumipat sa isang Marketplace plan.** Pero hindi ka maaaring magkaroon ng batay sa trabaho at Marketplace plan na may natipid na magkasabay. Kung hindi ka naka-enroll sa isang nakabatay sa trabaho na plano ngunit ang employer mo ay nag-aalok ng isa, hindi ka magiging kwalipikado para sa Marketplace plan savings batay sa iyong kita maliban kung ang nakabatay sa trabaho na plano ay hindi kayang bayaran o hindi nakakatugon sa mga minimum na kinakailangan.

- **Kung nakakaranas ka ng ilang partikular na pangyayari sa buhay (tulad ng paglipat sa isang bagong estado, pag-aasawa, pagkakaroon ng anak, o pagkawala ng saklaw sa kalusugan) o ang iyong pagtatantya sa kita ay nasa loob ng isang partikular na saklaw, maaari kang maging kwalipikado para sa Espesyal na Panahon ng Pag-enroll para maka-enroll o baguhin ang iyong Marketplace plan.** Ang Marketplace ay maaaring magpasumite sa iyo ng mga dokumento para makumpirma ang kaganapan mo. Dapat kang magpadala ng mga kopy ng mga dokumento bago ka makakapagsimulang gumamit ng iyong coverage.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka.

Bisitahin ang **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice** o tumawag sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

**Health Insurance Marketplace**

CMS Product No. 11749-T (Tagalog)
August 2023

This product was produced at U.S. taxpayer expense.

Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.

HealthCare.gov